

Ang Marsy's Law (Batas ni Marsy) ay Nagpoprotekta at Naglilingkod sa mga Biktima ng Krimen sa California

Ang Marsy's Law ay nagbibigay ng mahahalagang karapatan sa mga biktima ng krimen na nasaktan ang katawan, damdamin, o pananalapi dahil sa isang krimen (o tinangkang krimen).

Upang maging kuwalipikado bilang isang biktima ng krimen sa ilalim ng Marsy's Law, ikaw ay dapat na ang:

- Tuwirang biktima,*
- Malapit na miyembro ng pamilya,
- Tagapangalaga, o
- Legal na kinatawan ng tuwirang biktima.

*Sa mga *Tuwirang Biktima* ay kabilang ang: *asawa, mga magulang, mga anak at mga kapatid.*

Magagawa ninyong basahin ang teksto at kumuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa Marsy's Law sa: 1800VICTIMS.org

Tungkol sa Amin

Ang Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen ay matatagpuan sa kampus ng Paaralan ng Batas ng Pacific McGeorge sa Sacramento, California. Ang aming mga serbisyo ay **libre**. Alam ng aming mga ekspertong tauhan ang pinakabagong impormasyon sa larangan. Tinuturuan namin ang mga biktima at ang kanilang mga pamilya, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, at ibang mga tagapagtaguyod ng biktima tungkol sa:

- Mga legal na karapatan ng mga biktima,
- Kabayaran sa mga biktima,
- Pagbabayad-pinsala,
- Mga hablang sibil, at
- Mga karagdagang karapatan ng lahat ng mga biktima ng krimen (kabilang ang matatanda, mga bata, at mga taong may kapansanan).

Kami ay nag-aalay rin ng:

- Teknikal na tulong at pananaliksik na pambatas sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima.
- Mga libreng presentasyon ng "Alamin ang Inyong mga Karapatan" sa mga grupong pangkomunidad.

Kami ay nagpapatakbo ng **1-800-VICTIMS** – ang pambuong-estadong walang-bayad na nakahandang linya na nagbibigay ng kompidensiyal na impormasyon at mga pagrekomenda sa mga biktima, sa kanilang mga pamilya, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, at mga tagapagtaguyod ng biktima. Ang nakahandang linya ay binubuo ng mga estudyante ng batas sa McGeorge at pinangangasiwaan ng mga abugado.



1-800-VICTIMS (842-8467)

TTY: 1-916-739-7083

www.1800VICTIMS.org

Email: 1800VICTIMS@pacific.edu

Ang pagpopondo ay ginawang posible sa pamamagitan ng Kagawaran ng Hustisiya ng Estados Unidos (United States Department of Justice), Batas sa mga Biktima ng Krimen, 2015-VA-GX-0058. Ang mga opinyon, napag-alaman, konklusyon, at rekomendasyon na ipinahayag sa publikasyong ito ay mula sa (mga) awtor at hindi nangangahulugang mula sa Cal OES o Kagawaran ng Hustisiya ng U.S.

Tagalog

Mga Tagatulong para sa mga Biktima ng Krimen sa California



Mga
Tagatulong
sa Biktima

Victims of Crime Resource Center
(Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen)

1-800-VICTIMS (1-800-842-8467)

TTY: 916-739-7083

www.1800VICTIMS.org

1800VICTIMS@pacific.edu

Mga Sentro ng Tulong sa Biktima/Testigo

Ang mga Sentro ng Tulong sa Biktima/Testigo ay tumutulong sa mga biktima na makakuha ng mga serbisyo, humingi ng kabayaran, at maintindihan ang kanilang mga karapatan. Magagawa rin ng inyong Sentro na gabayan kayo sa sistema ng hustisyang pangkrimen.

Ang bawat county ay may sarili nitong sentro. Upang mahanap ang Sentro sa inyong county:

Bisitahin ang: <http://victims.ca.gov>
Tumawag sa: **1-800-VICTIMS (842-8467)**

Ang mga Sentro ay makakatulong sa inyo sa maraming paraan. Agad pagkatapos ng krimen, ang gagawin ng mga ito ay:

- Tiyakin na kayo ay inaalayan ng pagpapayo, suportang pandamdamin, at impormasyon tungkol sa proseso ng hukuman.
- Tulungan kayo na makakuha ng pang-emerhensiyang pabahay, pagkain, at damit, kung kailangan ninyo ito.

Sa dakong huli ang gagawin nila ay:

- Ikonekta kayo sa mga tagatulong at pagrekomenda na kailangan ninyo.
- Samahan kayo sa hukuman at mga appointment na may kaugnayan sa hukuman.
- Tulungan kayo na mag-aplay para sa pagsasauli ng mga ginasta na may kaugnayan sa krimen.

Gagawin din nila ang mga sumusunod:

- Tulungan kayong humingi ng utos na pagpigil kung kailangan ninyo ng proteksiyon.
- Tiyakin na binigyan kayo ng paunawa tungkol sa bawat hakbang ng proseso ng hustisyang pangkrimen.
- Tulungan kayo na maghanda para sa bawat hakbang ng proseso.

Ang inyong Sentro ng Biktima/Testigo ay magsasabi sa inyo ng iba pa tungkol sa ibang mga programa:

Lupon sa Kabayaran sa Biktima ng California (California Victim Compensation Board, CalVCB)

Magagawa ng CalVCB na bayaran kayo para sa mga gastos na dulot ng krimen (maliban sa mga gastos na sakop ng seguro o ibang mga programa).

Bisitahin ang: <http://victims.ca.gov>
Tumawag sa: **1-800-777-9229**



Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California (California Dept. of Corrections and Rehabilitation) – Opisina ng mga Karapatan ng Biktima at Nakaranas at mga Serbisyo

Kung ang nagkasala ay sinentensiyahan sa Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California – Opisina ng mga Karapatan ng Biktima at Nakaranas at mga Serbisyo, kayo ay may karapatang:

- Kumuha ng pera (pagbabayad-pinsala) upang magbayad para sa mga nawala sa inyo
- Sabihan ng tungkol sa katayuan ng nagkasala at anumang mga pagdinig tungkol sa parol
- Hingin sa Lupon ng mga Pagdinig na Kaugnay ng Parol na mag-utos ng mga espesyal na kondisyon ng parol

Bisitahin ang: www.cdcr.ca.gov/Victim_Services/
Tumawag sa: **1-877-256-6877**

Impormasyon at Paunawa sa Biktima Araw-araw (Victim Information & Notification Everyday, VINE)

Ang serbisyong ito ay nagbibigay sa iyo ng isinapanahon at maasaahang impormasyon 24-7 tungkol sa iyong kaso at sa katayuan sa kustodya ng nagkasala. Gayunman, ang VINE ay maaaring hindi makukuha sa lahat ng mga county. Tumawag o bisitahin ang website upang malaman kung makukuha.

Bisitahin ang: www.vinelink.com
Tumawag sa: **1-877-411-5588**

Ligtas-sa-Bahay (Safe-at-Home)

Ang programang ito ng Kalihim ng Estado ay nagpoprotekta sa mga biktima ng karahasan sa tahanan, palihim na pagsunod, sekswal na pag-atake, at pagtrapiko ng tao sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng isang libreng P.O. box at serbisyong pagpapadala ng koreo.

Bisitahin ang: www.sos.ca.gov/safeathome/
Tumawag sa: **1-877-322-5227**

Yunit ng mga Serbisyo sa mga Biktima (Victims' Services Unit)

Ang Yunit ng mga Serbisyo sa mga Biktima ay nasa opisina ng Pangkalahatang Abugado ng California. Sila ay nagbibigay ng paunawa sa mga biktima at sa kanilang mga pamilya tungkol sa katayuan ng mga kaso (kabilang ang mga apela) na hinahawak ng opisina ng Pangkalahatang Abugado.

Bisitahin ang: <http://oag.ca.gov/victimservices>
Tumawag sa: **1-877-433-9069**